

An illustration of a group of diverse women of Asian descent smiling and laughing in an urban setting. They are wearing colorful clothing and traditional jewelry. In the background, there are stylized buildings and trees. The overall tone is positive and community-oriented.

Mga Kababaihang Taga-Timog-Silangang Asya sa Canada: Migrasyon, Istruktural na Rasismo, at Komunidad





Pagkilala

Ginawa ang sangguniang ito sa ilalim ng proyektong **Building Anti-Racist & Trauma-Informed Practices**. Nais naming kilalanin ang aming mga kasama at tagapayong team ng mga survivor, na may personal na karanasan sa GBV at tumulong sa paggabay sa sangguniang ito.



CSSP

Centre for Spanish Speaking Peoples

CGHH

Centro para Gente de Habla Hispana

Paunawa: Ang kuwentong inilalahad dito ay isang kathang-isip na salaysay batay sa totoong-buhay na mga karanasan ng mga survivor ng karahasang batay sa kasarian. Ito ay inilalahad para sa edukasyonal na mga layunin at hindi naglalarawan sa mga karanasan ng sinumang partikular na indibidwal.

Upang sipiin ang sangguniang ito: Upang sipiin ang sangguniang ito: WomanACT. (2025). Mga Kababaihang Taga-Timong-Silangang Asya sa sa *Canada: Migrasyon, Istruktural na Rasismo, at Komunidad*. <https://womanact.ca/publications/southeast-asian-women-in-canada-migration-structural-racism-and-community/>

Para sa higit pang impormasyong tungkol sa proyektong ito, mangyaring [bumisita](https://womanact.ca/projects/building-anti-racism-trauma-informed-practices/) sa: <https://womanact.ca/projects/building-anti-racism-trauma-informed-practices/>

Ang proyektong ito ay
pinondohan ng:



Petsa ng Paglalathala: May 1, 2025



Migrasyon, Kolonyalismo, at ang Pakikibaka Para sa Hustisya ng mga Taga-Timog-Silangang Asya

Ang Timog-Silangang Asya¹ ay isang malawak at iba-ibang rehiyon na binubuo ng labing-isang bansa kabilang ang Brunei, Cambodia, East Timor, Indonesia, Laos, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand, at Vietnam. Ang mga komunidad sa Timog-Silangang Asya ay kadalasang pinagsasama-sama sa mga estadistika at patakaran; gayunpaman, kinakatawan pa rin nila ang iba't ibang mga kultura, wika, at kasaysayan. Marami sa taga-Timog-Silangang Asya ang napaharap sa digmaan, kolonisasyon, at sapilitang migrasyon.

Sa iba't ibang henerasyon, nanguna ang mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya sa mga pagsisikap para protektahan ang kanilang mga pamilya, igiit ang kanilang mga karapatan, at bumuo ng mas malakas na mga komunidad sa harap ng karahasang napakapaloob sa sistema. Ang pagkilala sa magkakatulad na karanasan ng mga komunidad pati na sa kanilang mga pagkakaiba ay tumutulong upang masiguro na ang mga patakaran at serbisyo ay nakatutugon sa mga pangangailangan ng mga taga-Timog Asya na survivor ng karahasang mula sa matalik na karelasyon at sa karahasang batay sa kasarian.

Hindi Ito ang Buong Kuwento...

Ang maikling pagtalakay na ito ay simula pa lang ng pag-unawa sa buhay ng mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya sa Canada. Bagaman marami ang nakaranas ng digmaan, pagsasamantala, at pagkakabukod dahil sa kultura, ang mga hamong ito ay isang bahagi lang ng kanilang karanasan.

Ang mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya ay mga lider din, artist, at tagapagtaguyod na bumubuo ng mga malalakas na komunidad at nagsusulong ng hustisya. Ipinapakita ng kanilang mga kuwento ang kanilang pagmamalasakit sa bawat isa habang nagsusumikap na makamit ang mas mas patas na kinabukasan, lalo na para sa kababaihan.



Kapitalismo

Ang Kapitalismo ay isang sistema ng ekonomiya kung saan ang mga negosyo ay pribadong pag-aari at nakapokus para kumita. Ang mga presyo ay itinatakda ng suplay at pangangailangan, na may kaunting kontrol mula sa gobyerno. Bagaman ito ay maaaring magpalago sa ekonomiya, ito ay madalas na lumilikha ng hindi patas na mga kalagayan sa trabaho at malaking agwat sa mga mayayaman at mga mahihirap.

Ang kapitalismo ay umaasa sa mga manggagawang mababa ang sahod, na kadalasang pinupunan ng mga imigrante at mga pansamantalang dayuhang manggagawa.



¹ Hinihiwalay ng Statistics Canada ang Filipino at ang mga grupong taga-Timog-Silangang Asya. Isinasama namin ang Filipino sa aming depenasyon, ngunit minsan ay ipinakikita ang stats nang hiwalay dahil sa ganyang paraan inirereport ang mga datos.

Kuwento ni Grace

Dumating si Grace sa Scarborough, Ontario, noong 2014 mula sa Pilipinas dala ang kanyang nursing degree na nakatupi nang maayos sa bagahe niya at ang kanyang puso na puno ng pag-asa. Dumating siya sa ilalim ng Live-in Caregiver Program (LPC), at iniwan ang tangi niyang mga kamag-anak, ang dalawang niyang mas nakababatang kapatid na babae. Ang pangarap niyang madala ang kanyang mga kapatid sa Canada sa pamamagitan ng Family Reunification Program kapag naging permanenteng residente na siya ang dahilan kaya nagagawa niyang magpatuloy at matiis na malayo sa kanila.



Nag-alaga siya ng matandang babae, si Dorothy, nagtatrabaho siya ng mahabang oras para sa minimum na sahod, at nagpapadala siya ng kaunting pera sa kanila kada buwan. Ngunit noong mamatay si Dorothy nang hindi inaasahan, nalagay sa panganib ang mga pangarap ni Grace.



Sa isang gabi, nawalan siya ng trabaho, bahay, at ng kanyang status sa pansamantalang paninirahan.

Naghanap siya ng mga opsyon upang makapanatili sa Canada, ngunit napakahirap ng mga ito. May mga kinakailangan sa wikang Ingles, mahal na mga bayarin, at ang masaklap na katotohanang hindi kinikilala ang kanyang nursing degree mula sa Manila.





Ang Bilang

3%

Mga 3.7% katao sa Canada ang nagsasabing sila ay taga-Timog-Silangang Asya.

55¢

Ang mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya sa Canada ay kumikita ng mga 55 sentimos para sa bawat dolyar na kinikita ng mga kalalakihang Puti na isinilang sa Canada, kaya isa sila sa may pinakamababang sahod sa mga grupo na iba ang turing dahil sa kanilang lahi.

23%

Ayon sa Statistics Canada, 23% na mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya at 21% na Filipino na kababaihan ang nagrereport na nakakaranas sila ng IPV, gayunpaman, malamang na kulang ang bilang na ito dahil sa kultural na presyur na manahimik at sa rasismong sistema na maaaring nilang maharap kapag humingi sila ng tulong.

33%

Mga 33% na kababaihang taga-Timog-Silangang Asya at 44% na Filipinong kababaihan ang nagtatrabaho sa mga mababang-sahod bilang tagapagsilbi

79%

Sa Toronto, 79% ng mga personal support worker ay mga imigrante at kabilang sa mga ito ang 30% Filipina.

22%

Mula 2006 hanggang 2021, ang bilang ng mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya na walang diploma o degree ay bumagsak mula sa 31% pababa ng 22%, ang pinakamalaking pagbagsak sa mga kababaihang iba ang turing dahil sa kanilang lahi.

Kasaysayan ng Kolonyalismo at Militarisasyon

Ang mga komunidad sa Timog-Silangang Asya ay lubhang naapektuhan ng kolonisasyon at panghihimasok ng mga banyaga, na nagdulot ng digmaan at sapilitang paglikas. Itong mas malalaking mga kaganapan sa pulitika ang humubog sa karanasan ng mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya at patuloy na nakakaapekto sa kanilang mga buhay sa Canada ngayon. Bagaman hindi inilalahad ng maikling pagtalakay na ito ang buong kasaysayan ng rehiyong ito, ang sumusunod na seksiyon ay magbibigay ng konteksto na makakatulong para maunawaan nang mas mabuti ang pinagdaananang karanasan ng mga taong taga-Timog-Silangang Asya.

Sa Vietnam, maraming dekadang sigalot ang nagsimula dahil sa pagtutol sa kolonyal na pamumuno ng Pransiya at nagdulot sa kalaunan ng digmaang sibil sa pagitan ng Hilaga at Timog ng Vietnam. Ang Estados Unidos ay lubhang nasangkot sa digmaan, at sinuportahan nito ang Timog sa pagsisikap na pigilan ang pagkalat ng komunismo. Sa panahon ng digmaan, ang mga kababaihang Vietnamese ay nakaranas ng labis na karahasang seksuwal mula sa mga sundalo ng U.S. at sa mga puwersa ng South Korea na kaalyado ng U.S. Pagkatapos ng maraming taon ng matinding labanan, nakuha ng Hilaga ang kontrol at libu-libong tao ang lumikas mula sa bagong sosyalistang pamahalaan sa pamamagitan ng dagat, kadalasan sakay ng mga bangkang di-ligtas, para humanap ng kanlungan sa ibang mga bansa, kabilang ang Canada.



Karugtong ng kuwento ni Grace...

Nag-alok ang anak ni Dorothy na si Robert ng matutulugang sopa sa bahay nito habang iniisip pa niya kung ano ang sunod na gagawin. Dahil wala siyang mga kakilala sa siyudad at wala ring mapupuntahan, tinanggap niya ang alok. Mukhang naging interesado si Robert sa kanyang sitwasyon, at waring nagsasabi na maaari niyang ipakilala siya sa isang tao na maaaring nangangailangan ng live in support-worker.



Mabait si Robert at nakinig siya sa kuwento ni Grace tungkol sa pagkawala ng kanyang mga magulang sa murang edad at sa kanyang matinding pagmamahal sa mga kapatid niya sa kanilang bansa. Sa unang pagkakataon mula nang dumating siya sa Canada, nakaramdam si Grace ng malasakit, at hindi nagtagal nagkaroon ang dalawa ng seksuwal na relasyon – relasyong umusbong dahil sa pasasalamat ni Grace kay Robert at dala ng kalungkutan.



Gayunpaman, lumipas ang mga buwan at hindi pa rin natutupad ni Robert ang pangako niyang hanapan siya ng trabaho. Nagsimula siyang makaramdam na parang katulong imbes na kaibigan, at hindi maliwanag kung ano ang susunod na mangyayari sa kanya. Hindi rin siniseryoso ni Robert ang napag-usapan nila at parang ayos lang sa kanya na ipagawa kay Grace ang lahat ng pagluluto at gawaing-bahay.



Madalas niyang kinakausap ang kanyang mga kapatid pero hind niya sinabi ang tungkol kay Robert, hindi rin niya ipinaalam na nawalan siya ng trabaho, at wala nang tirahan at ilegal na naninirahan sa Canada.



Miss na miss ko na kayong dalawa!

Miss ka na rin namin!
Ano bang itsura ng Canada?





Mga Refugee at Humihingi ng Asylum

Ang [mga refugee at humihingi ng asylum](#) ay mga taong lumikas mula sa sarili nilang bansa dahil sa [pag-uusig](#), [digmaan](#), o [karahasan](#). Ang mga refugee ay binibigyan ng bagong matitirhan sa ibang bansa at kinikilala bilang refugee bago pa man sila dumating, habang ang mga humihingi ng asylum ay dumarating muna sa Canada at pagkatapos ay mag-a-apply sila ng refugee status. Dapat nilang ipakita sa Immigration and Refugee Board na naaabot nila ang [legal na depenasyon ng isang refugee](#). Kung tatanggihan ang kanilang inaangkin, mahaharap sila sa deportasyon.



Image source: [Getty Images](#), Phan Thi Kim Phuc

Pandaigdig na Simbolo: Paglikas sa Pag-atake na Ginamitan ng Napalm sa Vietnam

Si [Phan Thi Kim Phuc](#), na naging kilala sa tawag na “Napalm Girl,” ay naging pandaigdig na simbolo ng mga kaligaman ng digmaan matapos siyang makunan ng litrato na nanalo ng Pulitzer Prize habang siya ay lumilikas mula sa pag-atake gamit ang napalm sa Vietnam sa edad na siyam.

Ngayon isa na siyang mamamayan ng Canada, UNESCO Goodwill Ambassador, at nagtatag ng [KIM Foundation International](#), inialay niya ang kanyang buhay sa pagpapagaling at sa pagtulong sa mga batang biktima ng digmaan sa pamamagitan ng adbokasiya at makataong pagtulong.



Sa **Cambodia**, umupo sa kapangyarihan ang rehimeng Khmer Rouge noong 1975 at may layuning alisin ang pagkakaiba sa katayuan ng buhay sa bansa, at gawin itong magsasakang lipunan. Marahas nilang pinuntirya ang mga intelektuwal, mga residente ng siyudad, mga Budistang monghe, etnikong minorya, at sinumang itinuturing na konektado sa Euro-Western world at kapitalismo. Naghasik ang Khmer Rouge ng karahasan at takot para mapanatili ang kontrol, kabilang ang karahasang batay sa kasarian tulad ng sapilitang pag-aasawa at puwersahang pag-aanak.

Tinatayang 1.5 hanggang 3 milyong katao ang namatay sa ilalim ng pamumuno nito. Ang genocide na ito ay lumikha ng malawakang krisis para lumikas, at maraming Cambodian ang nagsilikas sa **Thailand** sa ilalim ng mapanganib na kalagayan. Tinanggap ng Canada ang libu-libong refugee mula sa Cambodia sa panahong ito, kahit madalas ay walang tulong na partikular sa kultura na kanilang kinakailangan para gumaling at muling buohin ang kanilang mga buhay.

Sa **Laos**, ang digmaang sibil at ang pakikialam ng U.S. military sa panahon ng Digmaan sa Vietnam ay nagdulot ng malawakang kampanya sa pagbobomba na nagwasak sa bansa, at ginawa itong ang pinakabinombahang bansa sa mundo. Pagkatapos ng digmaan, ang komunistang si Pathet Lao ang nalagay sa kapangyarihan noong 1975 at itinatag niya ang Lao People's Democratic Republic. Maraming mamamayan, lalo na ang mga may kaugnayan sa dating royalistang pamahalaan o mga kaalyado ng Kanluranin, ang binilanggo sa "mga kampo para baguhin ang kanilang paniniwala" kung saan ang seksuwal na karahasan, lalo na sa mga etnikong minorya tulad tulad ng mga kababaihang Hmong, ay pangkaraniwan.



Image source: U of T News, Souvankham Thammavongsa

Laotian-Canadian na Awtor: Paano Bigkasin ang Kutsilyo

Si Souvankham Thammavongsa, na ipinanganak sa isang Lao refugee camp sa Thailand noong 1978 at lumaki sa Canada, ay isang kilalang makata at awtor na ang mga gawa ay naglalahad sa karanasan ng imigrante sa paraang malinaw at may malalim na emosyon.

Ang kanyang premyadong koleksiyon ng maikling kuwento na Paano Bigkasin ang Kutsilyo ay naglalarawan sa mga pakikibaka at tahimik na tagumpay ng mga buhay na ibinabalewala, na kumukumpirma sa kanya bilang makapangyarihang boses sa kontemporaryong panitikan.

Karugtong ng kuwento ni Grace...

Ngayong may marami na siyang oras dahil hindi na siya nagtatrabaho, nagsimulang magsimba si Grace sa isang Katolikong simbahan, bagay na dati niyang ginagawa sa Pilipinas. Dito, nakilala ni Grace si Sofia, isang Filipina na nakarating din sa Canada sa ilalim ng LCP.



Nakatira na ngayon si Sofia kasama ng dalawang niyang tinedyer na anak na lalaki at nagtrabaho sa isang long-term care facility. Niyaya niya si Grace na tumira sa kanila, isang alok na tinanggap ni Grace at napabuntung-hininga siya nang tahimik.

Sa loob ng sumunod na apat na taon, ginawa ni Grace ang kahit anong trabahong mahanap niya: pag-aalaga ng bata, paglilinis, pagluluto para sa mga kapitbahay. Nagpatuloy siya sa pagtira kay Sofia, na naging parang kapatid na niya. Unti-unti, sinimulang buihin ni Grace ang isang buhay na hinubog hindi ng mga napakong pangako ng sistema ng imigrasyon, kundi ng lakas ng komunidad na nakapalibot sa kanya.

Ngunit, hindi pa rin iyon sapat para maibigay sa kanya ang kanyang pinakaninana: ang makasama ang tanging pamilya na kanyang iniwan. Ang mga video call ay puno ng mga pilit na ngiti at maluha-luhang mga mata. Na-miss niya ang mga kaarawan at mahahalagang sandali, ngunit lagi niyang ikinukubli ang kanyang kalungkutan sa matapang na mukha.





Sa Myanmar, maraming dekada ng sigalot na sinundan ng kolonyal na pamumuno ng Britanya, na nagwakas noong 1948. Ang bansa ay sinalot ng mga kudeta ng militar, makadiktador na pamumuno, at tuluy-tuloy na digmaang sibil na kinasangkutan ng militar at iba't ibang grupo ng etnikong minorya na naghahangad ng autonomiya. Ang militar ay kadalasang inakusahan ng tuluy-tuloy na pang-aabuso sa mga karapatang-pantao, kabilang ang marahas na pag-uusig sa mga etnikong minorya tulad ng mga taong Rohingya, Karen, at Kachin. Ipinakikita ng mga pinakahuling report ang pagtaas sa mga seksuwal na pag-aatake ng militar, partikular sa mga kababaihan at batang babae. Ang mga sigalot na ito ay nagpalikas sa daan-daang libong katao, marami sa kanila ay tumakas sa karatig na mga bansa o naghanap ng bagong matitirhan sa ibang bansa.

Ang Pilipinas ay sinakop ng Espanya sa loob ng mahigit sa 300 taon at pagkatapos ng Estados Unidos hanggang 1946. Itong nagpang-abot na mga kasaysayan ay nagdala ng mahigpit na mga pamantayan na lalaki dapat ang mamumuno ng pamilya at ng malakas na presensiya ng banyagang militar. Kahit pagkatapos ng kalayaan, ang kawalang-katatagan sa pulitika at kahirapan ay tumulak sa maraming Filipino para umalis ng bansa para magtrabaho. Ang mga kolonyal na pamanang ito ay patuloy na humuhubog kung paano tinitingnan at tinatrato ang mga Filipino migrante sa Canada, kung saan inaasahan na sila ay dapat mapagsakripisyo-sa-sarili at masunurin, lalo na sa trabahong pangangalaga.



Sapilitang Paglikas

Nangyayari ang sapilitang paglikas kapag pinilit ang mga tao na iwan ang kanilang mga tahanan dahil sa mga bagay na tulad ng digmaan, karahasan, mga likas na sakuna, o kahirapan. Hindi katulad ng mga taong piniling lumipat, ang mga taong lumikas nang sapilitan ay walang mapagpipilian at dapat lumikas para manatiling ligtas. Maaari silang maging mga refugee, mga humihingi ng asylum, o mga taong lumikas sa loob ng sarili nilang bansa. Bilang resulta, madalas silang napapaharap sa mga malalaking hamon sa paghahanap ng kaligtasan, katatagan, at ng mga pangunahing karapatan sa mga lugar na lilipatan nila.





Migrasyon, Trabahong Nakabatay sa Kasarian, at Pagsasamantala

Ang pagtugon ng Canada sa mga refugee na taga-Timog-Silangang Asya sa mga taong 1960s at 70s ay kadalasang itinuturing na tagumpay sa makataong paglilingkod, gayunpaman ang pamamaraang ito ay hinubog din ng rasismo, klasismo, at pang-ekonomiyang interes. Maraming refugee, lalo na mga kababaihan, ang napilitan sa mga trabahong mababa ang sahod at walang kasiguruhan na sumusuporta sa pangangailangan ng Canada sa murang trabaho.

Ang mga gender stereotype at ang hyper-sexualization ng mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya ay higit pang humubog sa kanilang karanasan sa Canada, na kadalasan ay naglilimita sa kanila sa mga tungkulin bilang mga caregiver o mga kasambahay. Kasabay nito, ang mga kababaihang taga-Timong-Silangang Asya ay bumuo ng matibay na mga network sa komunidad, sinuportahan ang isa't isa sa iba't ibang mga henerasyon, at lumikha ng mga dakong may malasakit, aktibismo, at pangkulturang dangal.

Ang mga programang tulad ng Temporary Foreign Worker Program (ipinakilala noong 1973) at ang Home Care Worker Immigration Pilots (ipinakilala sa 2025) ay nakagawa ng mga daan para makapasok ang mga kababaihang migrante sa Canada ngunit kadalasang walang buong proteksiyon sa trabaho o access sa permanenteng tirahan. Ang mga patakarang ito sa imigrasyon na ginagawang madaling mabiktima ng pagsasamantala ang mga kababaihan ay nagpapatuloy sa ngayon.

Ang mga hadlang sa pagkilala ng kredensiyal at sa sistemikong diskriminasyon ay nangangahulugan din na ang mga kababaihang taga-Timong-Silangang Asya na mataas ang pinag-aralan na dumating sa Canada ay maaaring mapilitan sa mga trabahong mababa ang status at maliit ang oportunidad na umangat o umasenso.



Trabahong Walang Katiyakan

Ang trabahong walang katiyakan ay tumutukoy sa trabahong walang kasiguruhan, di-tiyak ang kahirinatnan, at kadalasan ay mababa ang sahod, at kaunti lang ang access sa mga benepisyong tulad ng pangangalaga ng kalusugan, seguridad sa trabaho, o mga legal na proteksiyon. Ang mga manggagawa ng mga trabahong walang katiyakan, tulad ng trabahong pansamantala, kontraktuwal, o gig work, ay may maliit na kontrol sa kalagayan ng kanilang trabaho at mas madaling mabiktima ng pagsasamantala.





Simula sa 1960s, maraming kababaihang taga-Timog-Silangang Asya ang pumupunta sa Canada sa pamamagitan nitong temporary foreign worker programs and caregiver streams. Bagaman karaniwang iniisip bilang mga oportunidad ang patakarang ito ng imigrasyon, ipinakikita ng kasaysayan na mayroon itong mahigpit na mga panuntunan, kaunting proteksiyon, at humahantong lang sa pagpapalala sa hindi pagkakapantay-pantay dahil sa lahi at kasarian. Ang mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya na bumubuo sa malaking bahagi ng mga programang ito ay patuloy na ini-stereotype bilang "likas na nababagay" para sa trabahong pangangalaga dahil sa kanilang kultural na pinagmulan.

Bukod pa diyan, hindi sapat na nasusuportahan sa ilalim ng kasalukuyang mga programa at permit ang pagbubuntis, lalo na kung bunga ito ng matalik na relasyon ng manggagawa at employer. Dahil dito ay madaling mabiktima ang mga kababaihan kapag ang kanilang immigration visa ay nakadepende sa trabahong ito o kung ang katayuan nila sa Canada ay pansamantala. Ang batang isinilang sa Canada ay karaniwang isang mamamayan ng Canada, ngunit hindi ito nagbibigay sa ina ng permanenteng paninirahan o pagkamamamayan. Kapag natapos na ang permit ng ina, kailangan niyang mag-aplay para mapahaba ang pananatili o umalis siya ng Canada, minsan nang hindi naisasama ang kanilang anak.

Ang mga grupo ng adbokasiya tulad ng Migrant Worker's Alliance for Change ay nagsisikap para mabigyang-pansin ang mga paglabag sa karapatang-pantao sa buong foreign worker program ng Canada, lalo na para sa mga caregiver. Gayunpaman, mabagal ang pag-usad nito, at maraming caregiver ang nakakaranas pa rin ng kawalang-kapanatagan at pagsasamantala sa kanilang pinagtatrabahuan.

Mga Kolonyal na Pamana at ang Seksuwalisasyon ng mga Kababaihang Taga-Timog-Silangang Asya

Sa panahon ng kolonyal na pananakop ng mga taga-Europa at Amerika sa Timog-Silangang Asya, ang mga kababaihan ay karaniwang inilalarawan bilang mapagpasakop, kakaiba, at naririyang para paligayahin ang mga lalaki. Ang pananaw na ito ay hinubog at pinalala sa panahon ng Digmaan sa Vietnam at sa palibot ng mga base-militar ng U.S. sa Pilipinas, kung saan ang industriya ng sex ay lumitaw sa palibot ng mga dako ng militar.

Kapag ang mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya ay nandayuhan sa Canada, patuloy nilang nararanasan ang mga stereotyped na ito na batay sa lahi at kasarian. Ang stereotype na "kakaiba, at maamong Asyanong babae" ay lumilikha ng balakid para umasenso, dahil maraming employer ang itinuturing ang mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya bilang mga caregiver o mga bagay para seksuwal na pagnanasa sa halip na mga propesyonal o lider. Ang mga sex worker sa Canada na taga-Timog-Silangang Asya ay lubhang pinupuntirya ng law enforcement, hindi lamang dahil sa kanilang pagkakasangkot sa sex work kundi dahil din sa katayuan sa imigrasyon, lahi, at kasarian, at madalas sa ilalim ng katuwiran na "anti-trafficking" measures.

Ang mga batas ng Canada tulad ng Protection of Communities and Exploited Persons Act (2014) ay pinaigting ang pagbabantay sa mga sex worker habang ginagawang mas mapanganib ang kalagayan ng kanilang trabaho at nililimitahan ang kanilang sa mga legal na proteksiyon.

Wakas ng kuwento ni Grace.

Noong tumama ang COVID-19, nagbago ang lahat. Desperado ang mga ospital na makakuha ng mga nurse, ngunit hindi pa rin makapag-apply si Grace dahil nawalan siya ng status. Tumaas ang anti-Asian racism, at parang tinalikuran na siya ng siyudad na itinuring niyang tahanan. Sanay si Grace na maghintay - maghintay ng mga papeles, maghintay ng trabaho, at maghintay ng kinabukasang parang laging mahirap abutin. Ngunit ginawa ng COVID-19 na mahirap tiisin ang paghihintay.

Dito nangyari na ang isang pag-uusap sa mesang kainan ay binago ang lahat. Isa sa mga anak ni Sofia ay kakapasok lang sa unibersidad sa kursong human migration.



Inilalantad ng kuwento ni Grace ang mga malalalim na kawalang-hustisya na nararanasan ng mga migrant care worker sa Canada, mga kababaihang dumating na may kasanayan, kalakasan, at mga pangarap, ngunit mga balakid na sa sistema, pagsasamantala, at pagbubukod lang ang natamo. Ipinakikita ng kanyang karanasan kung paano binibigo ang mga tao ng mga patakaran sa imigrasyon na may layuning sumuporta sana sa pagsasama ng pamilya, sa halip ay madali silang nabibiktima ng pang-aabuso at kawalang-katiyakan. Gayunpaman, binibigyang-diin nito ang kapangyarihan ng komunidad at ng mga adbokasiyang pinangungunahan ng mga ordinaryong tao para manindigan para sa dignidad, kaligtasan, at hustisya. Ang muling pagsasama-sama ni Grace at kanyang pamilya ay hindi resulta ng gumaganang sistema ngunit ng kanyang pagtitiyaga at ng pagkakaisa ng mga taong hindi siya hinayaang mabigo.

Sinabi niya kay Grace ang tungkol sa Migrant Rights Network, isang kilusan na binuo ng mga ordinaryong tao na ipinaglalaban ang mga karapatan ng mga manggagawang hindi dokumentado at walang katiyakan ang trabaho tulad niya.

Sa unang pagkakataon sa maraming taon, nakaramdam si Grace ng kaunting pag-asa. Dala ang pag-asa at matinding kagipitan, nakipag-ugnayan siya sa kanila, at sa tulong nila, nag-aplay siya para sa permanenteng paninirahan batay sa mga makataong katuwiran, isang proseso na inabot ng halos dalawang taon.

Pitong taon pagkatapos nang una siyang dumating sa Canada, sa wakas nakuha na ni Grace ang inaasam-asam niya. Sa Toronto airport, nakatayo siya nang may luha sa kanyang mukha habang ang mga kapatid niya, na ngayon ay mga tinedyer na, ay tumakbo sa kanya at yumakap.

Bagaman nakasama na ulit ni Grace ang kanyang pamilya, hinding-hindi niya nakalimutan na marami pang ibang migranteng manggagawa ang hindi kasimpalad.

Ang kanilang muling pagsasama ay nangyari hindi dahil sa mga batas ng imigrasyon, kundi dahil sa pagsisikap ng napakarami sa kanyang komunidad na sumuporta sa kanya at lumaban para sa kanya, isang bagay na hinding-hindi makakalimutan ni Grace



Ang Live-In Caregiver Program

Ipinakilala noong 1992 at itinigil noong 2014, ang Live-in Caregiver Program (LCP) ay nagdala ng libu-libong katao sa Canada, na ang higit na nakararami ay mga kababaihang mula sa Timog-Silangang Asya, upang magtrabaho bilang mga in-home caregiver. Bagaman wala na ang programa, itinatampok ito rito dahil sa malaking epekto nito sa mga karanasan sa pandarayuhan ng mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya. Inimpluwensiyahan ng LCP kung gaano karaming kababaihan ang pumapasok sa Canada, ang mga uri ng trabahong ginawa nila, at ang mga kinaharap nilang hamon sa mga karapatan sa trabaho, pagbubukod, at pagkakahiwalay sa pamilya.

Inilabas ang LCP bilang paraan upang matugunan ang kakulangan ng Canada sa kasambahay. Maraming caregiver ang nagtatrabaho ng mahabang oras para sa mababang sahod, madalas mas mababa sa standard para sa kahalintulad na mga trabaho sa labas ng programa. Dahil ang kanilang mga work permit ay nakatali sa partikular na employer, napakaliit lang ng kakayahan nilang umalis sa mapang-abusong lugar ng trabaho nang hindi nanganganib na ma-deport.

Ang kawalang-kasiguruhan sa pabahay ay isa pang seryosong problema ng programa. Dahil kinakailangan ng LCP na tumira ang mga caregiver sa bahay ng kanilang employer, napapakaliit ng kanilang personal na espasyo o pribasiya. Pinalabo ng kaayusang ito ang kahulugan ng trabaho at pahinga, na nagreresulta sa sobrang pagtatrabaho at kapaguran. Maraming caregiver ang nagreport ng pakiramdam na nag-iisa mula sa kanilang komunidad, dahil nagtrabaho sila ng mahahabang oras at may limitadong

pagkakataon para makipagkilala at makipagkaibigan sa mga tao sa labas ng bahay ng employer.

May malaking epekto rin ang programang ito sa paghihiwalay ng pamilya. Marami sa mga caregiver ay mga ina na iniwan ang kanilang mga anak sa kanilang bansa para magtrabaho sa Canada. Itong matagal na pagkakawalay ay nagpahina ang relasyon ng pamilya at lumikha ng emosyonal na stress sa parehong mga caregiver at mga anak nila.



Home Care Worker Immigration Pilots

Nagpakilala ang Canada ng bagong paraan tungo sa permanenteng paninirahan na tinatawag na “Home Care Worker Immigration Pilots”. Dapat maabot ng mga aplikante ang mga kinakailangan sa pagsasalita ng Ingles, may katumbas ng high school diploma sa Canada, may nauugnay na karanasan sa trabaho, at makatanggap ng alok sa trabaho.

Nilunsad noong Marso 31, 2025, naabot na ng programa ang 2025 application cap nito sa loob ng ilang oras at **sarado** na para sa mga bagong aplikante sa oras ng report na ito.



Image source: [House of Commons Canada](#)

Unang Filipina Canadian na nahalal sa Parliament ng Canada

Si **Rechie Valdez**, na ipinanganak sa Zambia ng mga Filipinong magulang, ay gumawa ng kasaysayan noong 2021 bilang ang unang Filipina Canadian na nahalal sa Parliament ng Canada at ang unang Filipina na nanungkulan bilang Cabinet minister noong 2023. Kumakatawan sa Mississauga-Streetsville, itinataguyod niya ang mga karapatan ng mga imigrante at ang mga paraan para magkaroon ng permanenteng paninirahan ang mga caregiver.

Noong Mayo 13, 2025, itinalaga si Rechie bilang Minister for Women and Gender Equality at Secretary of State (Maliit na Negosyo at Turismo).

Pag-oorganisa ng Komunidad at Adbokasiya

Sa kabila ng mga hamon, ang mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya sa Canada ay gumanap ng pangunahing papel sa pangangalaga ng mga kultural na tradisyon, minsan bilang paraan ng pagtutol sa parehong gobyerno na kanilang tinakasan at sa mga presyur na mabura ang kultura sa Canada. Marami sa mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya, lalo na ang mga migrante at refugee, ang dumating sa Canada nang walang matibay na suporta mula sa gobyerno o mga institusyon. Pinupunan ang kakulangang ito ng mga organisasyong pinangungunahan ng Komunidad, na nagbibigay ng tulong sa pabahay, mga serbisyo sa trabaho, legal na tulong, at suporta sa kalusagan ng isip na angkop sa kultura.

Isa sa mga organisasyon na may pinakamalaking ambag ang Butterfly: Asian and Migrant Sex Workers Support Network. Itinatag ng mga sex worker, social worker, at mga propesyonal sa legal at kalusugan, itinataguyod ng Butterfly ang mga pangunahing karapatan ng mga Asyano at mga migrant sex worker sa Canada, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon, nakikipaglaban ito sa rasismo, stigma, at diskriminasyon at bumubuo ng mga building platform para sa mga sex worker upang marinig ang kanilang boses.





Nagbibigay-Inspirasyon sa mga Karapatan ng mga Manggagawang Filipino sa Canada

Si [Carmencita “Ging” Hernandez](#) ay isang aktibista sa komunidad nang mahabang panahon sa Toronto na nakipaglaban para sa mga karapatan ng mga manggagawang Filipino sa Canada. Isa siya sa mga nagtatag ng [Kababayan Multicultural Centre](#).

Orihinal na itinatag bilang isang organisasyon na nagbibigay ng suporta sa mga imigranteng Filipino, nagpatuloy ang Kababayan sa paglilingkod sa higit sa 70,000 bagong dating sa Canada mula sa buong mundo. Sa pamamagitan ng kanyang aktibismo, tumulong si Ging sa pagbuo ng mas matitibay na mga network para sa hustisya ng migrante at siya ang nangungunang boses sa mga kampanya para sa mga karapatan at dignidad ng mga manggagawang iba ang turing dahil sa lahi at mababa ang sahod.

Sa pamamagitan ng aktibismong ito at malakas na diwa ng pagkakaisa sa komunidad, ang mga kababaihang taga-Timog-Silangang Asya ay iginigiit ang kanilang mga karapatan at tinututulan ang pagbura nito sa lipunan ng Canada. Ang mga lugar na ito ay gumaganap ng mahalagang papel sa [paglaban sa pagkakawalay](#), na nararanasan ng maraming kababaihang migrante, na nagbibigay ng pakiramdam ng pagiging kabilang at pagkakaroon ng kapangyarihan sa sarili.



Image source: [Remembering Carmencita “Ging” Hernandez Site](#)

